Kabataang BUBU-yog ka ba o Kabataan LANG ikAW?

Mark Christian Reyes

Huwag magpadala sa pamagat, ugaliing basahin ang lahat.

Sa loob ng isang magandang hardin, may dalawang insekto ang naglalaban. Parehas nagpapamalas ng angking katapangan. May lakas ng loob ang dalawa upang ipaglaban ang prinsipyong pinaninindigan. May angking puso upang hindi kaagad magapi sa labanan. Bawat insekto ay may kanya-kanyang baong hinanda. Dala-dala ng isa ay ang kayamanan ng katotohanan samantalang hawak naman ng kalabang insekto ay ang ginto ng kasinungalingan. Silang dalawa ay nagmula sa kabataang sektor kung kaya't magaganap ang laban sa harap ng monitor.

Sa pula, narito na ang insektong si langaw. Dala ng angking bilis at rami ng paningin ay lahat ng lumaban ay kayang puwingin. Ginto ang kulay ng paborito niyang pagkain dahil walang umaaagaw sa kanya nito. At kung ipakalat man niya ang paboritong pagkain ay langaw lang din ang susunggab dito. Si langaw ay hindi maalam pagdating sa monitor ngunit kaya niyang kumontrol ng isip ng bawat babasa kapag inilabas niya ang ginto na hindi nauubos. Ang kasinungalingan. Kasinungalingang hindi maaaring panlaban sa kayamanan dahil hindi nito kayang tapusin ang laban. Sila ang mga langaw na tagahasik ng ginto ng kasinungalingan, tagapaglagak ng sistemang panatisismo, sistemang hindi tatanggap ng anumang kritisismo. Mga bukas ang mata pero bulag sa katotohanan. May paninindigan pero pumapanig sa kasinungalingan. Ngunit kahit langaw sila, biktima sila.

Sa dilaw, narito na ang insektong si bubuyog. Siya ang mortal na kaaway ng langaw. Insektong hindi nahuhumaling sa ginto sapagkat dala-dala niya ang kayamanan. Ang insektong may produktong matamis na kanyang pinaghirapan. Mga insektong hindi sakim dahil kahit ang mga kayamanan ay kanilang binabahagi. Sa bawat bulaklak na kanilang sinisipsip ay may bawat buto silang dinadala. Dinadala sa iba't ibang lugar upang mamukadkad at maging kahalintulad ng bulaklak na paborito nila. Ang butong dinadala nila ay ang butong kayang magwalis sa dinadalang ginto ng langaw. Ito ang katotohanan. Ang katotohanan ang dahilan kung kaya't may namumulaklak pa at dahil sa bubuyog ay dumarami na sila.

Hindi na naipagpatuloy ang laban sapagkat naduwag ang langaw. Kung kaya't pinakalat na lang niya ang ginto sa pag-aakalang pamumukadkad rin. Pero ang ginto niya ang nagpadilim ng mundo, ang kayamanan lang ni bubuyog ang nagpaliwanag muli nito.

Ginto para sa langaw, tae para sa tao. Tae ang kasinungalingan kung kaya't hindi ito kinokonsumo. Ang kayamanan ay katotohanan kung kaya't kapag dala mo ito ay hinding-hindi ka matatalo. Hindi pula at dilaw ang magkalaban, hindi ikaw at ako ang nararapat na magtalo.

Bilang kabataan, inaanyayahan kita maging bubuyog ng ating bayan. Maging tagapaghasik ng wastong impormasyon upang walang napapahamak. Ang katapangan ay naipapakita kung ang dala mo ay wasto at tama. Ang katapangan ay naipapakita sa kakayahan mo na magpatubo ng bulaklak.

Kung kaya't sa pagharap mo sa monitor, harapin mo ang mga isyung may katuturan. Magdala ka ng impormasyong may kawastuhan. Maging daan ka sa pagkakaintindihan at hindi sa kalituhan. Bubuyog kang humarap sa laban upang ang mundo ay maging kasing-tamis ng isang pulot-pukyutan.

Huwag sana magtapos sa dulo, isapuso't isaisip mo ito!